



Tagalog

**Ang Iyong Patnubay sa Emerhensiyang  
Pagpapalano sa Pamublikong Kalusugan**

**[www.labt.org](http://www.labt.org)**

## Kailangang Magplano Para sa Kaligtasan

Pinoprotektahan ng Department of Health Services (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan) ng LA County ang kalusugan ng publiko sa panahon ng mga natural at sadyang emerhensiya, tulad ng isang atake ng terorismo na sanhi ng pagpapakawalâ ng mga ahenteng biyolohikal, kimikal o radyolohikal. Ngunit kailangan mo ring kumilos upang protektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya sa panahon ng emerhensiya.

Kinakailangang planuhin ang paghahanda para sa emerhensiya. Magiging madali ito sa tulong ng listahan sa ibaba. Basahin ang mga ito kasama ng iyong pamilya at pagbalik-aralan at i-update ang mga ito isang beses bawat taon upang panatilihin kumpleto at naka-update ang mga ito. Upang makakuha ng kumpletong listahan ng mga terorismong ahente, pumunta sa [www.labt.org](http://www.labt.org).

**Protektahan ang iyong sarili. Protektahan ang iyong pamilya. Kumpletohin ang card na ito at itago ito sa malapit na lugar.**

## Gumawa ng isang Disaster Plan (Plano para sa Kalamidad)

Isulat kung ano ang gagawin, kung paano hanapin ang isa't-isa, at kung paano makikipag-usap sa isa't-isa sa iba't-ibang uring mga emerhansiya. (Tingnan ang likod)

- Magbanggit ng dalawang lugar kung saan magtitipon: isa sa labas lamang ng iyong tahanan at isa sa labas ng iyong komunidad, tulad ng aklatan, sentro ng komunidad o simbahan.
- Siguraduhin na alam ng lahat ang address at telepono ng iyong pangalawang lugar ng pagtitipon.
- Alamin at praktisin ang lahat ng mga posibleng daanan palabas ng iyong tahanan at komunidad.
- Pumili ng isang kaibigan o kamag-anak sa labas ng estado na matatawagan ng mga miyembro ng sambahayan kung magkahiwa-hiwalay kayo sa panahon ng kalamidad.
- Siguraduhin na matutupad ang mga pangangailangan ng lahat, lalo na ang mga matatanda, mga taong may kapansanan, mga taong hindi nagsasalita ng Ingles, at mga alagang hayop.
- I-praktis ang iyong plano kasama ng lahat ng mga miyembro ng sambahayan at siguraduhin na mayroon silang kopya.
- Tingnan ang emerhensiyang patakaran ng paaralan ng iyong mga anak na pumapasok sa paaralan.

## Maghanda ng mga Emerhensiyang Supply

Itago ang iyong mga supply sa mga lalagyan na matibay at madaling dalhin. Itago ang mas malaki sa tahanan at maglagay ng isang mas maliit sa iyong kotse. Isama ang:

- Isang tatlong-araw na supply ng tubig: isang galon bawat tao bawat araw na maiinom at magagamit na panglinis.
- Tatlong-araw na supply ng pagkain, tulad ng mga pagkaing pinatuyo o de-lata at isang pambukas ng lata.
- Salapi (\$50-100 man lamang sa mga maliliit na kuwartang papel) at isang ATM card.
- Mga pampalit na kasuotan at mga sapatos.
- Isang kumot o sleeping bag para sa bawat tao.
- Isang first aid (pang-unang lunas na) kit.
- Mga de-resetang gamot ng pamilya at, kung maaari, mga kopya ng mga reseta.
- Isang de-bateryang radyo, flashlight, mga ekstrang baterya, at mga posporong magagamit kahit basa.
- Sabon, toilet paper, at mga ekstrang plastic bag.
- Mga bagay para sa mga inaalagaang hayop, sanggol, matanda, o may kapansanang mga kapamilya.
- Ekstrang salamin, ekstrang mga susi ng sasakyan at bahay.
- Isang kopya ng mga mahalagang papeles ng pamilya sa isang lalagyan na hindi nasusunog.
- Isang pito kung sakaling hindi ka makaalis.
- Kung dapat kang umalis mula sa iyong tahanan, mangyaring dalhin ang iyong mga alagang hayop kung maaari. Magsama ng pagkain, gamot at isang ID tag sa kulyar ng alagang hayop.

## Kung Sakali Mang Magkaroon ng Isang Bioterrorism (Biyoterismo) na Emerhensiya

Basahin ang sumusunod na impormasyon ukol sa bioterrorism na ahente.

Ang bioterrorism ay nangyayari kapag ang mga bagay na maaaring maging sanhi ng sakit o kamatayan ay sadyang pinakawalan, kabilang ang:

**Mga Ahenteng Biyolohikal:** Mikrobyo, mga birus, o kaya ibang mga bagay na biyolohikal. Mga halimbawa: anthrax, smallpox, plague, botulism.

**Mga Ahenteng Kimikal:** Mga nakakalasang gas, likido, o mga solido na makapipinsala sa mga tao o sa kapaligiran. Mga halimbawa: sarin at ricin.

**Mga Radyolohikal na Armas:** Mga gamit na pumuputok na nagkakat ng mga radyoaktibong materyales. Halimbawa: dirty bomb.

Upang makakuha ng isang kumpletong listahan ng mga terorismong ahente, magpunta sa [www.labt.org](http://www.labt.org)



## Iba pang mga Mapagkukunan ng Impormasyon

- ❑ **Los Angeles County Department of Health Services - Public Health (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Kalusugan sa Los Angeles County - Pampublikong Kalusugan):** [www.labt.org](http://www.labt.org)  
Hotline: 866-999-LABT (5228)
- ❑ **L.A. County Emergency Survival Program (Programa ng Emerhensiyang Kaligtasan ng L.A. County) (ESP):** [www.espfocus.org](http://www.espfocus.org)
- ❑ **L.A. County Disaster Hotline (Hotline ng Kalamidad ng L.A. County):**  
800-980-4990
- ❑ **Info Line Los Angeles - “211 LA COUNTY”:** 211
- ❑ **City of Los Angeles Emergency Operation Organization (Organisasyon sa Emerhensiyang Pagpapatakbo ng Lunsod ng Los Angeles):** [www.lacity.org/epd](http://www.lacity.org/epd)  
Helpline: 888-356-4661
- ❑ **California Emergency Preparedness Office (Tanggapan ng Pagiging Handa sa Emerhensiya sa California):** [www.dhs.ca.gov/ps/ddwem/environmental/epo/epoindex.htm](http://www.dhs.ca.gov/ps/ddwem/environmental/epo/epoindex.htm)
- ❑ **Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pamamahala at Paghadlang ng Sakit):** [www.bt.cdc.gov](http://www.bt.cdc.gov) Hotline: 888-246-2675
- ❑ **U.S. Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad sa Sariling-Bayan):**  
[www.ready.gov](http://www.ready.gov)
- ❑ **Poison Center Hotline (Hotline ng Sentro ng Lason):** 800-222-1222
- ❑ **Impormasyon ukol sa pagiging handa sa kalamidad ng Red Cross sa Arabic, Cambodian, Intsik, Ingles, Farsi, Pranses, Hmong, Hapon, Koreyano, Laotian, Ruso, Kastila, Tagalog, Vietnamese:** [www.redcross.org/services/disaster/](http://www.redcross.org/services/disaster/)

## Kumilos ka rin! Kung sakaling mayroong anumang emerhensiya, tulungan mo kami sa pamamagitan ng:

- ❑ Panatiliing bukas ang mga emerhensiyang linya ng telepono ng 9-1-1 para sa mga tunay na emerhensiya.
- ❑ Gamitin ang mga ospital para sa mga medikal na emerhensiya lamang. Panatiliing walang-hadlang ang mga kalye at manatili sa tahanan maliban kung pinayuhan kang umalis o kung mayroong medikal na emerhensiya.
- ❑ Gumamit ng mga flashlight sa halip ng mga posporo o mga de-koryenteng switch kung sa palagay mo ay maaaring mayroong leak ng gas.

**Para sa Karagdagang Impormasyon, kontakin ang 1-866-999-LABT (5228)**